**MGA SUSING PANGUNGUSAP**
**PARA SA 2023 THANKSGIVING BLENDING CONFERENCE**

**Dapat tayong magtuon kay Kristo bilang ating namumukod-tanging sentrong itinalaga ng Diyos, hindi sa sinumang tao, mga bagay, o mga pangyayari maliban kay Kristo; para sa lahat ng suliranin, lalo na ang bagay ng pagkakabaha-bahagi, ang tanging solusyon ay ang pagtatamasa sa nagpapaloob ng lahat na Kristo.**

**Ang pagtatamasa sa Panginoon ay may maraming aspekto—ang kalagakan ng presensiya ng Panginoon, ang kagalakan ng pamumuhay sa dibinong pag-iibigan,
ang kalagakan ng dibinong pamamahagi ng Dibinong Trinidad,
ang kagalakan ng pag-inom sa ilog ng mga kaluguran ng Diyos,
ang kagalakan ng pagkaalam sa pag-ibig ng Diyos,
ang kagalakan ng paggawa ng kalooban ng Diyos,
ang kagalakan ng pagiging nasiyahan sa lahat ng sirkumstansiya,
at ang pagpasok sa kalagakan ng Panginoon sa kaharian.**

**Ang talâ ng buhay ni Jose ay isang pahayag ng pamumuno ng Espiritu,
sapagkat ang pamumuno ng Espiritu ang naghaharing aspekto
ng isang gumulang na banal; ang pamumuno ng Espiritu
(isang buhay ng paghahari sa buhay, sa ilalim ng pagtatakda at paglilimita
ng dibinong buhay sa realidad ng kaharian ng Diyos)
ay mas mataas kaysa sa anumang iba pang aspekto ng Espiritu.**

**Ang kagalakang inilagay sa harap natin ay ang Panginoong Hesus,
ang Kasintahang lalaki, na dumarating para sa Kanyang kasintahang babae,
na ginawa ang kanyang sarili na handa—
ang paggulang ng kasintahang babae, ang pagtatayo ng kasintahang babae,
ang katuwiran ng kasintahang babae, ang kagandahan ng kasintahang babae,
at ang kasintahang babae bilang isang mandirigma
upang talunin ang kaaway ng Diyos.**

*© 2023 Living Stream Ministry*

**Balangkas ng mga Mensahe**
**para sa Thanksgiving Blending Conference**
**Nobyembre 23-26, 2023**

**PANGKALAHATANG PAKSA:**
**ANG PAGTATAMASA KAY KRISTO**
**AT ANG ATING PAGLAGO SA BUHAY TUNGO SA PAGGULANG**

Mensahe Isa

## Ang Pagtatamasa sa Nagpapaloob ng Lahat na Kristo Bilang Namumukod-tanging Solusyon sa Lahat ng Suliranin sa Ekklesia

Babasahin sa Kasulatan: 1 Cor. 1:2, 9; 2:9-10; 13:1-8; Jer. 2:13; Panag. 3:22-24

**I. Ang 1 Corinto ay isang aklat hinggil sa pagtatamasa sa nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang namumukod-tanging solusyon sa lahat ng suliranin sa ekklesia; ang intensiyon ng Diyos sa Kanyang pagbabawi ay ang bawiin si Kristo bilang namumukod-tanging sentro ng ekonomiya ng Diyos at bilang lahat-lahat sa atin bilang ating bahagi para sa ating katamasahan—1:2, 9, 24, 30:**

A. Tayong lahat ay tinawag tungo sa salamuha, sa pagtatamasa, kay Kristo (b. 9); kabilang sa salitang *salamuha* ang kaisipan ng pagtatamasa; si Kristo ang ating nakalaang bahagi na ibinigay sa atin ng Diyos para sa ating katamasahan (b. 2; Col. 1:12).

B. Ang intensiyon ni apostol Pablo sa 1 Corinto ay ang lutasin ang mga suliranin sa gitna ng mga banal sa Corinto; para sa lahat ng suliranin, lalo na sa bagay ng pagkakabaha-bahagi, ang tanging solusyon ay ang pagtatamasa sa nagpapaloob ng lahat na Kristo.

C. Dapat tayong tumuon kay Kristo, hindi sa kaninumang tao, o bagay, o pangyayari maliban kay Kristo; dapat tayong magpokus kay Kristo bilang ating namumukod-tanging sentro na itinalaga ng Diyos upang malutas ang lahat ng suliranin sa gitna ng mga mananampalataya—1:9; Col. 1:17b, 18b.

D. Ang ating gol ay ang lubos na pagtatamasa kay Kristo at lubos na pagtatamo kay Kristo para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo; ito ay magreresulta sa pagkakaroon natin ng sukdulang pagtatamasa kay Kristo bilang ating gantimpala sa milenyal na kaharian—Fil. 3:14; Mat. 25:21, 23.

E. Kailangan tayong maging mga yaong nag-iisip ng “isang bagay”; *ang isang bagay* sa Filipos ay tumutukoy sa subhektibong pagkilala, pagdaranas at pagtatamasa kay Kristo; ang isang bagay ay ang paghahabol kay Kristo upang matamo Siya at maangkin Siya—2:2, 5; 1:20-21; 3:7-14; 4:13.

F. Ang mag-isip ng iba pa liban sa isang bagay ay ang magrebelde laban sa ekonomiya ng Diyos; ang ekonomiya ng Diyos ay yaong mag-isip tayo ng isang bagay; sa buhay-ekklesia ay kailangan nating tulungan ang lahat ng banal na

mag-isip ng isang bagay; ang ating kaisipan ay dapat nakatuon at puspos ng pagtatamasa kay Kristo para sa buhay-ekklesia, ang buhay-Katawan.

G. Inihahayag ng 1 Corinto na ibinigay ng Diyos sa atin ang nagpapaloob ng lahat na Kristo, kalakip ang kayamanan na may di-bababa sa dalawampung aytem, bilang ating bahagi para sa ating katamasahan; ang lihim ng buhay-Kristiyano at ng buhay-ekklesia ay ang magtamasa tayo kay Kristo—1:9:

1. Kailangan nating tamasahin si Kristo bilang bahaging ibinigay ng Diyos sa atin —b. 2.
2. Kailangan nating tamasahin si Kristo bilang kapangyarihan ng Diyos at karunungan ng Diyos bilang katuwiran, pagpapabanal, at katubusan sa atin—bb. 24, 30.
3. Kailangan nating tamasahin si Kristo bilang Panginoon ng kaluwalhatian, bilang Hari pa nga ng kaluwalhatian, para sa ating pagluluwalhati—2:7-8; Roma 8:30; Awit 24:6-10.
4. Kailangan nating tamasahin si Kristo bilang kalaliman (ang malalalim na bagay) ng Diyos—1 Cor. 2:10.
5. Kailangan nating tamasahin si Kristo bilang namumukod-tanging pundasyon ng gusali ng Diyos—3:11.
6. Kailangan nating tamasahin si Kristo bilang ating Paskua (5:7), ang tinapay na walang lebadura (b. 8), ang espiritwal na pagkain, ang espiritwal na inumin at ang espiritwal na bato (10:3-4).
7. Kailangan nating tamasahin si Kristo bilang Ulo (11:3; Col. 2:19; Efe. 1:19-23) at Katawan (1 Cor. 12:12, 24-25a; Efe. 4:15-16).
8. Kailangan nating tamasahin si Kristo bilang ang mga unang bunga (1 Cor. 15:20, 23), ang ikalawang tao (b. 47), at ang huling Adam, na siyang naging Espiritung nagbibigay-buhay (b. 45), upang maging lahat-lahat sa atin.

**II. Ang Diyos ay tapat sa pagtawag sa atin tungo sa salamuha, tungo sa pagtatamasa, ng Kanyang Anak, subalit maraming beses ay hindi tayo tapat sa Kanyang pagtawag sa atin tungo sa Kanyang intensiyon—1:9; Jer. 2:13; Panag. 3:22-24:**

A. Ang intensiyon ng Diyos sa Kanyang ekonomiya ay ang maging bukal, ang pinagmumulan, ng mga tubig na buháy upang ipamahagi ang Kanyang sarili tungo sa atin para sa ating kasiyahan at katamasahan; ang gol ng pagtatamasang ito ay ang ibunga ang ekklesia, ang kapareha ng Diyos, bilang pagpaparami ng Diyos, paglaki ng Diyos, upang maging kapuspusan ng Diyos para sa Kanyang kahayagan—Juan 3:29-30; Efe. 3:16-19, 21.

B. Ang tanging paraan upang kunin ang Diyos bilang bukal ng mga tubig na buháy ay ang inumin Siya at idaloy Siya palabas araw kada araw; hinihilingan tayo nito na tumawag sa Panginoon nang patuloy (na may pag-awit, pagpapasalamat, paggagalak, pananalangin, pagpupuri, at pagpapaalam sa iba ng nagliligtas na mga gawa ng Diyos)—Awit 36:8-9; Isa. 12:3-6; 1 Cor. 12:13; Juan 7:37-39; 4:10, 14; Roma 10:12-13; 1 Tes. 5:16-18.

C. Sa halip na magtamasa sa Diyos sa pamamagitan ng pag-inom sa Kanya, ang bayan ng Diyos ay di-tapat sa Kanya sa pamamagitan ng paggawa ng dalawang kasamaan—“Ang bayan Ko ay gumawa ng dalawang kasamaan: /

Tinalikuran nila Ako, / Ang bukal ng mga tubig na buháy, / At gumawa para sa kanila ng mga tipunan ng tubig, / Na mga sirang tipunan, / Na hindi malagyan ng tubig"—Jer. 2:13:

1. Una, tinalikuran ng bayan ng Diyos ang Diyos bilang kanilang bukal, kanilang pinagmumulan, para sa kanilang katamasahan; ikalawa, bumaling sila sa mga pinagmumulang maliban sa Diyos na hindi makapagpapasiya sa kanila o *hindi* sila magagawang pagpapalaki ng Diyos bilang Kanyang kapuspusan para sa Kanyang kahayagan.
2. Inilalarawan ng paggawa ng mga tipunan ng tubig ang mabigat na gawain ng Israel sa kanilang pantaong pagpapagal na gumawa ng isang bagay (mga diyos-diyosan) upang halinhan ang Diyos; na ang mga tipunan ng tubig ay sira at hindi malagyan ng tubig ay nagpapahiwatig na malibang ipinamahagi ang Diyos tungo sa atin bilang tubig na buháy para sa ating katamasahan, walang makapapawi ng ating uhaw at makagagawa sa atin na pagpaparami ng Diyos para sa Kanyang kahayagan—Juan 4:13-14.

D. Ang masamang kalagayan ng masasama ay yaong hindi sila lumalapit sa Panginoon upang kainin, inumin, at tamasahin ang Panginoon; marami silang ginagawa, subalit hindi sila lumalapit upang kaugnayin ang Panginoon, upang kunin Siya, upang tanggapin Siya, upang tikman Siya, at upang tamasahin Siya; sa paningin ng Diyos ay wala nang mas sasama pa kaysa rito—Isa. 57:20; cf. 55:1-2, 6-7.

E. Bagamat tayo ay di-tapat, ang Diyos ay tapat, subalit ang Kanyang katapatan ay hindi ayon sa ating natural na pang-unawa o konsepto:

1. Ang Diyos ay tapat na alisin ang ating diyos-diyosan; anumang bagay sa loob natin na iniibig natin nang higit kaysa sa Panginoon o na humahalili sa Panginoon sa ating buhay ay isang diyos-diyosan—Ezek. 14:3; 1 Juan 5:21.
2. Ang panlabas na kapayapaan sa ating kapaligiran, ang ating personal na kaginhawahan at kariwasaan, at ang ating mga pag-aari ay maaaring maging mga diyos-diyosan sa atin na magliligaw sa atin; subalit ang Diyos ay tapat na alisin ang mga bagay na ito nang sa gayon ay mainom natin Siya bilang bukal ng mga tubig na buháy.
3. Ang Diyos ay tapat sa pagpapahintulot na magkaroon tayo ng mga kaguluhan nang sa gayon ay matuto tayong hindi magtiwala sa ating sarili kundi sa Kanya at upang magabayan Niya tayo tungo sa Kanyang ekonomiya na ating tamasahin si Kristo, sipsipin si Kristo, inumin si Kristo, kainin si Kristo at asimilahin si Kristo nang sa gayon ay dumami ang Diyos sa atin upang tuparin ang Kanyang ekonomiya—Jer. 17:7-8; 2 Cor. 1:8-9; John 16:33; 1 Cor. 10:3-4; 12:13.
4. Hindi interesado ang Diyos sa anumang bagay maliban sa ating pagtatamasa kay Kristo; maaaring isipin natin na dahil sa ating kabiguan, tayo ay wala ng pag-asa, subalit sa Diyos ay walang pagkadismaya; ang ating kabiguan ay nagbubukas lamang ng daan para pumasok si Kristo upang maging lahat-lahat sa atin, binibigyan Siya ng pagkakataon na

© 2023 Living Stream Ministry

dalhin tayo sa paggulang—Roma 8:28-29; Heb. 6:1a; Gen. 37:1 at talababa; 47:7 at talababa.

**III. Inihahayag ng 1 Corinto na ang paraan upang matamasa ang Panginoon ay ang ibigin Siya (2:9-10; 16:22) at ibigin ang isa't isa (13:1-8a); ang pagbabawi ng Panginoon ay isang pagbabawi ng pag-ibig sa Panginoong Hesus ng unang pag-ibig (Apoc. 2:4; 1 Juan 4:19) at ng pag-ibig sa isa't isa para sa pagtatayo ng organikong Katawan ni Kristo (Efe. 4:16):**

A. Ang ating pag-ibig sa Panginoon ay ang kahilingang hindi maaaring mawala para bigyang-kakayahan tayo na makapasok sa Kanyang puso at matalastas ang lahat ng lihim nito at para sa ating pagkatanto at pakikilahok sa malalalim at natatagong bagay na itinalaga at inihanda ng Diyos para sa atin—1 Cor. 2:9-10; Mat. 22:37-38; Awit 73:25; 116:1-2:

1. Ang nilalaman ng buhay-ekklesia ay nakadepende sa pagtatamasa kay Kristo; lalo natin Siyang tinatamasa, mas mayaman ang magiging nilalaman; subalit ang tamasahin si Kristo ay humihiling na ibigin natin Siya ng unang pag-ibig—Apoc. 2:4-5, 7.
2. Nagsisimula ang pagbaba ng ekklesia sa pag-iwan natin ng unang pag-ibig sa Panginoon; ang ibigin ang Panginoon ng unang pag-ibig, ang pinakamainam na pag-ibig, ay ang ibigay sa Panginoon ang pagkauna, ang unang puwesto, sa lahat ng bagay, na pinipilit ng Kanyang pag-ibig na ituring at kunin Siya bilang lahat-lahat sa ating buhay—bb. 4-5; Col. 1:18b; 2 Cor. 5:14-15; Marc. 12:30; Awit 73:25-26.
3. Ang mismong buhay na tinanggap natin nang tayo ay sumampalataya sa Panginoong Hesus ay isang persona, at ang tanging paraan upang iaplay at tamasahin ang personang ito ay sa pamamagitan ng pag-ibig sa Kanya ng unang pag-ibig; yamang ang Panginoong Hesus bilang ating buhay ay isang persona, kailangan natin ng bagong pakikipag-ugnay sa Kanya upang tamasahin ang Kanyang kasalukuyang presensiya sa mismong sandaling ito at araw kada araw—Juan 11:25; 14:5-6; 1 Tim. 1:14; Juan 14:21, 23; 2 Cor. 5:14-15; Apoc. 2:4-7; Col. 1:18b; Roma 6:4; 7:6.
4. Kailangan tayong maging mga tao na binabaha ng pag-ibig ni Kristo; ang dibinong pag-ibig ay dapat maging katulad ng rumaragasang agos ng malalaking tubig patungo sa atin, nagtutulak sa atin na mamuhay sa Kanya at ibigin Siya sa sukdulang hindi natin makontrol—2 Cor. 5:14.
5. Upang maibig ang Panginoon sa sukdulan, kailangan tayong maging mga yaong nagnanais at naghahangad na manirahan sa bahay ng Diyos sa lahat ng araw ng ating buhay, upang masdan ang Kanyang kagandahan (pagiging kaibig-ibig, pagiging kalugod-lugod, pagiging kaaya-aya), at upang magsangguni sa Diyos sa Kanyang templo; ang magsangguni sa Diyos ay ang magtanong sa Diyos tungkol sa lahat ng bagay sa ating pang-araw-araw na buhay—Awit 27:4.

B. Ang pag-ibig ang pinakaekselenteng bagay para maging anuman tayo o gawin ang anumang bagay para sa pagtatayo ng ekklesia bilang organikong Katawan ni Kristo—1 Cor. 12:31b—13:8, 13; cf. 14:1, 3, 4b:

1. “Ang kaalaman ay nagpapalalo, ngunit ang pag-ibig ay nagtatayo”; maaaring makinig tayo sa mga mensahe ng ministeryo at maging palalo sa kaalaman lamang—8:1b; cf. 2 Cor. 3:6.
2. Kapag ang kautusan ng Espiritu ng buhay bilang kautusan ng pag-ibig (Roma 8:2; Gal. 6:2-3) ay gumana sa loob natin, ang ating pagpapapagal sa Panginoon ay isang pagpapapagal ng pag-ibig (1 Cor. 15:58; 1 Tes. 1:3), kung saan natin tinutulungan at inaalalayan ang mahihina (Gawa 20:35; 1 Tes. 5:14); *ang mahihina* ay tumutukoy sa yaong mahihina man sa kanilang espiritu o kaluluwa o katawan, o yaong mahihina sa pananampalataya.
3. Ang Kristo na iniibig natin ay ang umiibig sa ekklesia na Kristo (Efe. 5:25); kapag iniibig natin Siya, iibigin natin ang ekklesia katulad ng ginagawa Niya; ang buhay-ekklesia ay isang buhay ng pangkapatirang pag-ibig (1 Juan 4:7-8; 2 Juan 5-6; Juan 15:12, 17; Apoc. 3:7; Efe. 5:2; cf. Jud. 12a), at itinatayo ng Katawan ang sarili nito sa pag-ibig (Efe. 4:16).
4. Ang ating isinilang na muling espiritu na ibinigay ng Diyos ay isang espiritu ng pag-ibig; kailangan natin ng isang nagniningas na espiritu ng pag-ibig upang mapagtagumpayan ang pagbaba ng ekklesia ngayon—2 Tim. 1:7; Roma 12:10-11.
5. Ang ating pag-ibig para sa isa’t isa ay nangyayari sa atin habang tayo ay pumapasok nang higit at higit pa sa karanasan at katamasahan ng pagiging naihalo para sa kaisahan, sa pagtatayo, at sa realidad ng Katawan ni Kristo—1 Cor. 12:14-27; Roma 16:1-16; Col. 4:16; Juan 12:24; Lev. 2:4-5.

*© 2023 Living Stream Ministry*